## Mga Kinakailangang Update sa Pahayag sa Pagsingil ng Pasyente ng HCAI

**Ang Iyong Mga Karapatan:** Inaatas ng batas ng estado at pederal na pamahalaan sa mga maniningil ng utang na tratuhin ka nang patas at pinagbabawalan ng mga ito ang mga maniningil ng utang na gumawa ng mga maling pahayag o pagbabanta ng karahasan, paggamit ng malaswa o bastos na pananalita, o paggawa ng mga hindi wastong komunikasyon sa mga third party, kabilang ang iyong employer. Maliban sa mga hindi pangkaraniwang pangyayari, hindi maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang mga maniningil ng utang bago sumapit ang 8:00 a.m. o pagkatapos ng 9:00 p.m. Sa pangkalahatan, hindi maaaring magbigay ng impormasyon ang isang maniningil ng utang tungkol sa iyong utang sa ibang tao, maliban sa iyong abogado o asawa. Maaaring makipag-ugnayan ang isang maniningil ng utang sa ibang tao para kumpirmahin ang iyong lokasyon o para ipatupad ang isang paghatol. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga aktibidad sa paniningil ng utang, maaari kang makipag-ugnayan sa Pederal na Komisyon sa Pangangalakal (Federal Trade Commission) sa pamamagitan ng telepono sa 1-877-FTC-HELP (328-4357) o online sa www.ftc.gov.

Maaaring available sa iyong lugar ang mga serbisyo sa pagpapayo sa utang na hindi pangnegosyo, pati na rin ang tulong sa mamimili mula sa mga lokal na tanggapan para sa mga legal na serbisyo. Mangyaring makipag-ugnayan sa departamento ng Pagsingil ng Serbisyo para sa Customer sa (800) 308-3285 para sa referral.

**Saklaw ng Ikatlong Partido**. Mangyaring abisuhan ang Stanford Medicine Children's Health kung mayroon kang insurance sa kalusugan, Medicare, Medi-Cal, o iba pang saklaw para sa mga serbisyong natanggap mo sa Stanford Medicine Children's Health. Kung wala kang ganoong saklaw, maaaring kwalipikado ka para sa Medicare, Medi-Cal, saklaw na inaalok sa pamamagitan ng Pagpapalitan ng Benepisyo sa Kalusugan sa California (California Health Benefit Exchange), programa ng Mga Serbisyo para sa Mga Bata sa California (California Children's Services), o iba pang saklaw sa kalusugan na pinopondohan ng estado o county, o pangkawanggawang pangangalaga. Kung nais mo ng aplikasyon para sa programa ng Medi-Cal, saklaw na inaalok sa pamamagitan ng Pagpapalitan ng Benepisyo sa Kalusugan sa California, o iba pang saklaw sa kalusugan na pinopondohan ng estado o county, mangyaring makipag-ugnayan sa departamento ng Pagsingil ng Serbisyo para sa Customer sa (800) 308-3285.

**Tulong sa Pagbabayad ng Iyong Singil**. May mga libreng organisasyon sa pagtataguyod para sa mamimili na tutulungan kang maunawaan ang proseso ng pagsingil at pagbabayad. Maaari mong tawagan ang Alyansa ng Mamimili sa Kalusugan (Health Consumer Alliance) sa 888-804-3536 o puntahan ang https://healthconsumer.org para sa higit pang impormasyon. Mangyaring makipag-ugnayan sa departamento ng Pagsingil ng Serbisyo para sa Customer sa (800) 308-3285 para sa higit pang impormasyon.

**Pagiging Available ng Pinansyal na Tulong.** May iba't ibang opsyon ang Stanford Medicine Children's Health para sa pababayad ng iyong mga singil sa pangangalagang pangkalusugan, kasama ang mga plano sa pagbabayad at pangkawanggawang pangangalaga o mga diskuwento sa aming mga pasyenteng walang insurance o hindi sapat ang insurance at natutugunan ang ilang partikular na kinakailangan sa mababa at katatamtamang antas ng kita. Tutulungan ka namin sa pagtukoy kung kwalipikado ka para sa pinansyal na tulong o kung mayroong mga programang maaaring makatulong para bayaran ang iyong mga medikal na serbisyo. Kung isinumite ang aplikasyon para sa isa pang programa sa saklaw sa kalusugan sa parehong panahon na nagsumite ka ng aplikasyon para sa pinansyal na tulong, wala sa alinman sa aplikasyong iyon ang pipigil sa pagiging kwalipikado para sa ibang nasabing programa. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pinansyal na tulong o para makakuha ng kopya ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong ng Stanford Medicine Children's Health, mangyaring tawagan ang (800) 308-3285 o bisitahin ang https://www.stanfordchildrens.org/en/patient-family-resources/financial-assistance-english. Makikita rin ang impormasyong ito kasama ang Buod sa Simpleng Wika ng aming Patakaran sa Pinansyal na Tulong sa likod ng iyong mga payahag sa pagsingil.

**Pagiging Transparent sa Presyo**. Nagbibigay ang Stanford Medicine Children's Health ng impormasyon tungkol sa mga halaga ng mga partikular na serbisyo para tulungan ang mga mamimili na gumawa ng mga may-kaalamang desisyon tungkol sa kanilang pangangalaga. Nagpapaskil kami ng listahan ng mga karaniwang singil para sa higit sa 300 serbisyong ibinibigay sa Stanford Medicine Children's Health. Mangyaring bisitahin ang sumusunod na website para sa higit pang impormasyon: https://www.stanfordchildrens.org/en/patient-family-resources/finance-assistance/cost-estimator

**Programa ukol sa Reklamo sa Singil ng Ospital.** Ang Programa ukol sa Reklamo sa Singil ng Ospital (Hospital Bill Complaint Program) ay isang programa ng estado na sinusuri ang mga desisyon ng ospital ukol sa kung kwalipikado ka para sa tulong sa pagbabayad ng iyong singil ng ospital. Kung naniniwala kang nagkamali kang tinanggihan ng pinansyal na tulong, maaari kang maghain ng reklamo sa Programa ukol sa Reklamo sa Singil ng Ospital. Pumunta sa HospitalBillComplaintProgram.hcai.ca.gov para sa higit pang impormasyon at para maghain ng reklamo.

**PAALALA**: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, mangyaring tumawag sa 650-497-8000 o bisitahin ang anumang lokasyon ng Stanford Medicine Children's Health. Magagamit nang 24/7 ang mga serbisyo sa interpretasyon. Magagamit din ang mga pantulong at serbisyo para sa mga taong may mga kapansanan, gaya ng mga dokumento sa braille, malalaking titik, audio, at iba pang naa-access na elektronikong format. Maa-access din ang mga telepono ng TTY. Libre ang mga serbisyong ito.